# Ganito sa Pabrika

Mga Tula ng Anak-Manggagawa

**1. Ganyan sa Pabrika**
**2. Habang Tulog**
**3. Sa Itaas, Sa Ibaba**
**4. Ang Sampung Pasahero**
**5. Mayo Uno ng Pamilya Obrero**
**6. Akinse-Katapusan**
**7. Nasaan si Nanay?**
**8. Mamaya**
**9. Sa Paete**
**10. Sa Ahensya**

## 1. Ganyan sa Pabrika

Turo ni inay,
mula pagawaan,
kaming magkakapatid,
ipatupad sa tahanan:

Sa pabrika ,
walang mabubuo
ang iisa.
sa paggawa, kani-kaniyang toka:
may taga-gupit,
may nagdidikit,
may taga-kahon,
may taga-tipon.

Sa bahay,
walang magagawa,
ang dadal’wang kamay.
Sa mga gawain, kani-kaniyang agapay:
may taga-walis,
may nagliligpit,
may taga-luto,
may taga-salubong kay nanay.

## 2. Habang Tulog

Inay, ‘wag magalit
kung sa puting buhok sa anit,
kami ay maglambitin,
salitan ng hagikgik.
pati sa mga guhit
ng noo at gilid
ng mata mong pikit,
kami’y maghabulan,
ng biro, magbatuhan
saka mag-unahan
sa tuktok ng ‘yong ilong,
doon, magpapagulong
papalapit sa labi mong
paulit-ulit hahagkan
habang ika’y tulog
plakda sa pagod
walang sawang nagbantay
sa aming malilikot.

**3. Sa Itaas, Sa Ibaba**

Nakatingala si Pepe,
manghang-mangha
"May nakasabit na mama!"
nakalambitin sa building,
nagpupunas ng bintana!
Palipat-lipat, puno ng gilas
Ano kayang powers ang kanyang hawak?

Siguro, ani Pepe,
sa gagamba'y pinaglihi,
o baka ang kapit, may sa butiki.
o di kaya naman,
may tinatagong agimat
sa dibdib ng mama
may tumutingalang bata.

**4. Ang Sampung Pasahero**

Sampung pasaherong pupungas-pungas
sakay ng dyip ni Mang Tomas:
si Pikoy, si Berto, si Kulas,
papasok ng pabrika ng kape't gatas.
Sina Manang Lucing at Aling Petra,
bitbit ang bayong,mamimili na.
Si G. Reyes, Bb. Santos,
inaantok ma'y, gayak pang-opisina.
Si Nanay at ako, at ang bag kong de hila,
ayaw mang pumasok, diretso sa eskwela.
Pero si kuyang sa dulo nakapwesto,
Mukhang inumaga,
Humikab nang malakas,
"Haaaaaaay!
Sa wakas pauwi na."

**5. Mayo Uno ng Pamilya Obrero**

Pyestang Obrero,
tuwing Mayo Uno.
Sara ang pabrika
walang pasok sa ‘skwela.

Araw manggagawa,
sa’min, pampamilya.
Lahat tulong-tulong
handa, sama-sama.

Abala si nanay,
sa lutong adobo
kanin n’yang sinaing
dosenang kaldero.

Pati rin si kuya,
hindi makausap
tutok sa pagpinta
malalaking plakard.

Si ate at ditse,
kanta’y pinapraktis
kasama ang koro
iba’ ibang boses.

Ilagay sa bag,
bandera ng unyon,
ang toka ni tatay,
‘wag malimutan ‘yon.

At siyempre ako
matinis man ang tinig,
tagasigaw nang malakas
“Sahod, itaas!”

**6. Akinse-Katapusan**

Tuwi-tuwing
akinse-Katapusan,
buwan-buwan,
pangako ni tatay,
Ang bitbit na pasalubong
Masarap na hapunan,
at ang pandagdag,
sa koleksyon kong laruan.

Wala tuloy ‘sing haba,
walang paglagyan
ang ngiti sa aking labi.
Lagi-lagi
ako’y naka-abang
hinahanda ang tsinelas,
ang prinaktis na masahe,
at inipong lambing kay tatay.

Gigil na gigil,
Pupugin ko ng halik
Ang magkabilang pisngi,
at yayapusinnang sabik na sabik
saka yayaing ang dala niya ay pagsaluhan.

Pigil na pigil,
Ang hagikgik ni tatay,
Saka ibubulong,
“Heto’ng nakakawala ng pagod.”

**7. Nasaan si Nanay?**

Nang tinanong ng landlady:
“Nagpunta po ng palengke,
Nagsimba po sa Antipolo,
Namasyal po sa parke,
Sinamahan po si lolo.”

Nang hanapin ng meralco:
“Sa loob po ng aparador,
Sa loob po ng banyo,
Sa loob po ng kwarto

Sa loob po ng kaldero."

Nang hanapin ng nawasa,
Umuwi po sa probinsya,
kinain po ng balyena,
Sumama po sa hangin
Wala po sa'min.

Kung saan-saan sabi ko
Maliban sa totoo,
Na doon lang naka-antabay
Tahimik na nagtatago
sa likod ng pinto.

### 8. Mamaya

Mamaya,
pagdating ni tatay
maglalaro kami ng
taguan.
kung mahuli ko siya,
"Pung!"
Ang taya ay siya naman.

Magtatago ako
sa loob ng kaniyang bulsa
o di kaya ay sisiksik
sa loob ng kaniyang bag,
o kaya ay sisingit,
sa talukap ng mata,
Nang kung anong hanap,
hindi niya makita.

At kung sakali man,
siya ay mapagod,
sa kakahanap, siya ay mahapo,
bibiglain ko siyang bigla,
Bulaga!
Sabay yakap,
mamaya,
pagdating ni tatay,
At sa trabaho,
Siya ay hindi pa pagod.

**9. Sa Paete**

Tanong ko,
“Maganda ba?”
ang pangsampung lilok na aso kong likha,
Ngumiti ka’t sinabing,
“Aba, puwede na.”
Napakamot ako sa ulo,
Pinagkahirapan ko,
Di puwedeng puwede na.
Ba’t ‘di sing husay,
Ng ukit mong kabayo
Parang may buhay
Akmang tatakbo
Ang gawa kong tuta,
Maiksi ang nguso,
Mata’y ‘di na pantay,
Lagas pa ang balahibo.
Natawa ka tatay,
Magiliw na nagpayo
“Kabayo kong pambato
sa karera ay nanalo,
matapos libong subok,
at mali-maling paglilok.”

**10. Sa Ahensya**

Kuwento ni tatay
sa inaaplyan,
pila ay kay haba
lahat nakaabang;
may dating karpintero,
may dating sastre,
may dating panadero,
may dating sales lady.
may dating sekyu,
may dating kaminero
may dating empleyado
may dating may negosyo.
may dating titser
may dati rin daw nars,
may dating engineer
may dating artista
may dating persytam
may dating dati na.
Lahat sila'y parang si tatay,
naghahanap hanap-buhay,
umaasa sa ahensya,
Sa abroad raw ang punta.